

## One Point Advice: Paghahanda para sa Lindol Tokai

# KUNG MAGI-EVACUATE

東海地震に備えて（ワンポイント/アドバイス）～避難するときは～

Sakali mang may naganap na grabeng disaster, mula sa pag-uutos ng City Hall, pulisya, bombero o mga boluntaryong samahan ay maaari kayong palipatin sa evacuation center kung sakaling delikado na ang inyong lugar o kinaroroonan. Gayun din kung may tsunami, landslides, gumuhong gusali o sunog na dulot ng disaster. Subalit kung alam na ninyong delikado na kayo sa tsunami, landslide o sunog ay mangyaring lumikas kaagad--kahit ano pa ang inyong suot o gayak at huwag na ring alalahanin ang mga bagay na dapat ninyong dalhin. Sa inyong pagi-evacuate, mag-ingat sa mga maaaring bumagsak na mga sementong bakod, maaaring bumagsak na salamin ng bintana o tile ng bubong, nagkalat na bubog at marami pang iba. Maaari ring i-check muna ng isa sa inyong pamilya ang dadaanang route ng evacuation center upang alamin kung hindi delikado ang dadaanan.

### ★ Ligtas na pamamaraan sa pagi-evacuate

- ① Bago lumikas, i-check muli ang inyong buong bahay kung walang nag-aapoy na maaaring magdulot ng sunog.
- ② Mag-iwan ng memo kung saan kayo magi-evacuate at ilang kaalaman ng inyong kondisyon.
- ③ Magsuot ng damit na maaari kayong maprotektahan. Huwag rin kalimutan ang pangproteksiyon para sa inyong ulo, kamay at paa.
- ④ Upang maprotektahan ang inyong ulo sa mga bagay na maaaring bumagsak ay mangyaring magsuot ng helmet o BOUSAI ZUKIN o hood na gawa sa cushion.
- ⑤ Mainam na magsuot ng damit na hindi madaling masunog. Mas mainam rin kung magsusuot ng damit na may mahabang manggas at mahabang pantalon.
- ⑥ Ilagay sa rucksack ang mga gamit na pang-emergency.
- ⑦ Upang maiwasang mahiwa ang kamay sa mga basag na glass ay mainam na maghanda ng gloves o gunte.
- ⑧ Upang maiwasang masugatan din ang mga paa ay mangyaring magsuot ng matibay at makapal na sapatos.
- ⑨ Magdala lamang ng mga kakailangang bagay o gamit.
- ⑩ Kailangang maglakad kapag nag-evacuate. Hindi maaaring magsasakyan.
- ⑪ Hawakang maigi ang mga may edad at mga bata.
- ⑫ Kung maaari ay iwasang dumaan sa mga daang matataas ang bakod, masisikip na daan, banggin, o tabi ng ilog.

### ★ Huwag kalimutan!

- ① Tanggalin ang lahat na nakasaksak na appliances at patayin ang mga main switch ng kuryente.
- ② Alamin kung nasa ayos ang receiver ng inyong telepono.
- ③ Siguraduhing naisara ang main switch ng inyong gas.